7

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Gawaing Pampagkatuto sa Filipino

Kuwarter 3

Aralin 3

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa Filipino**
**Kuwarter 3: Aralin 3 (para sa Ikatlong Linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Dr. Joel C. Malabanan (Philippine Normal University - Manila)

**Tagasuri:**

- Dr. Voltaire M. Villanueva (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO


| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 3 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Impluwensiya ng mga Kastila sa Kulturang Pilipino** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain: #1 GALLEON NG KULTURA (5 minuto)**

**II. Layunin:** Natutukoy ang mga impluwensiya ng mga Kastila sa Kulturang Pilipino.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Papel at panulat

**IV. Panuto:** Sa bawat layag ng galleon ay itala ang mga halimbawa ng impluwensiya ng mga Kastila sa kulturang Pilipino



**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Ipaliwanag kung bakit mahalaga pa rin sa kasalukuyan ang mga impluwensiya ng mga Kastila sa kulturang Pilipino.

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 3 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Panitikan sa Pananahon ng Pananakop ng mga Kastila** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain: #2 Pamanang Espanyol**

**II. Mga Layunin:** Natatalakay ang mahahalagang pangyayari sa panitikan sa panahon ng pananakop ng Espanyol. Napahahalagahan ang kasaysayan ng panitikan sa panahon ng pananakop

**III.** Mga Kailangang Materyales: Papel at panulat

**IV. Panuto:** Nakatala sa Hanay B ang mga mahahalagang tao at bagay na may kaugnayan sa naging pamana at impluwensiya ng mga Kastila sa kasaysayan ng pagkabuo ng sambayanang Pilipino. Sa hanay A ay makikita naman ang paglalarawan sa tinutukoy na ambag ng mga Kastila. Pagtapatin ang Hanay A at Hanay B sa pamamagitan ng pagsulat ng wastong titik sa patlang sa unahan ng bilang.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| _______ 1. Siya ang nag-apruba ng batas na nag-uutos sa ating mga ninuno na gumamit ng apelyidong Kastila noong 1849. | A. Abecedario<br>B. Awit<br>C. Del Superior Gobierno<br>D. Doctrina Christiana |
| ________ 2. Kinikilala ito bilang unang aklat na nalathala sa Pilipinas noong 1593 | E. Epiko<br>F. Fiesta |
| ________ 3. Ito ang pinakamatandang unibersidad sa Pilipinas na naitatag noong 1611. | G. Korido<br>H. Kristiyanismo |
| ________ 4. Ito ang relihiyong itinatag ng mga Kastila sa Pilipinas | I. Miguel Lopez de Legazpi<br>J. Moro-moro |
| ________ 5. Ito ang patulang pagsasalaysay ng buhay at kamatayan ni Kristo. | K. Narciso Claveria<br>L. P. Modesto Suarez |
| ________ 6. Ito ang unang pahayagan na nalathala sa Pilipinas noong 1811. | M.Pasyon<br>N. Polo y servicio |
| ________ 7. Tumutukoy ito sa pagtatanghal na nagpapakita ng labanan ng mga Kristiyano at Moro. | Ň. Senakulo<br>NG. UP<br>O. UST |
| ________ 8. Ito ang tawag sa tulang may 8 pantig na impluwensiya ng mga Kastila | |
| ________ 9. Pagdiriwang ito at handaan na gumugunita sa kadakilaan ng isang santo. | |
| _______10. Siya ang unang Kastilang Gobernador Heneral ng Pilipinas noong 1572. | |
| _______11. Ito ang sistema ng alpabeto ng mga Kastila na pumalit sa Baybayin. | |

________12. Ito ang “tulang bayani” na binibigkas ng ating mga ninuno bago dumating ang mga Kastila.

________13. Ito ang pagtatanghal ng buhay at Kamatayan ni Kristo sa krus.

________14. Siya ang may-akda ng Urbana at Feliza

________15. Ito ang tawag sa sapilitang paggawa noong panahon ng mga Kastila.

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Ipaliwanag kung ano ang pinakamahalagang pamana ng mga Espanyol sa Kulturang Pilipino. Talakayin ang sagot sa pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa anim (6)

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 3 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Panitikan sa Panahon ng mga Kastila** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain:** #3 Pagbibigay-linaw (10 minuto)

II. **Mga Layunin:** Natatalakay ang "Ningning at Liwanag" ni Emilio Jacinto

III. **Mga Kailangang Materyales:** Papel at panulat

IV. **Panuto: PAGBIBIGAY-LINAW:** Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod batay sa pagkakagamit sa sanaysay ni Emilio Jacinto:

1. bubog - ________________________________________________
2. hinagpis - ________________________________________________
3. kapagalan - ________________________________________________
4. liwanag - ________________________________________________
5. mabighani - ________________________________________________
6. mapagsampalataya - ________________________________________
7. matulin - ________________________________________________
8. nagpupugay - ______________________________________________
9. ningning- ________________________________________________
10. sukaban - ________________________________________________

V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**
Gamitin sa sariling pangungusap ang mga salitang nakatala sa unang gawain.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 3 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Panitikan sa Panahon ng Himagsikan Laban sa mga Kastila** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain:** #4 Lahad-Diwa (10 minuto)

**II. Mga Layunin:** Natatalakay ang katangian ng Panitikan sa Panahon ng Himagsikan laban sa mga Kastila.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Papel at panulat

**IV. Panuto:** LAHAD-DIWA: Anong mahalagang paksa ang inilalahad ng akda at nagbibigay ng paglalarawan sa katangian ng Panitikan sa Panahon ng Himagsikan? Ipaliwanag sa pamamagitan ng anim (6) na pangungusap.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak:**
Ibigay ang kahalagahan ng pag-aaral sa Panitikan ng Himagsikan Laban sa mga Kastila sa patalakay sa mga isyung panlipunan sa kasalukuyan.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 3 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Panitikan sa Panahon ng Himagsikan Laban sa Kastila** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain:** #5 Paglalagom (15 minuto)

**II. Mga Layunin:** Napapahalagahan ang kasaysayan ng Panitikan sa panahon ng pananakop.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Papel at panulat

**IV. Panuto:** Gumawa ng kongkretong paglalahad ng mga kaganapan sa bansa. Batay sa mga bahagi ng sanaysay ni Emilio Jacinto. Isulat sa kahon ang sagot.

| Pahayag Mula sa Sanaysay | Pangyayari sa Panahon ng mga Kastila | Pangyayari sa Kasalukuyan |
|---|---|---|
| 1. Ang ningning ay maraya | ______________________________ | ______________________________ |
| 2. Tayo'y mapagsampalataya sa ningning. | ______________________________ | ______________________________ |
| 3. Ang kaliluhan at ang katampalasan ay humahanap ng ningning upang huwag magpamalas ng mga matang tumatanghal ang kanilang kapangitan | ______________________________ | ______________________________ |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak:**
Ipaliwanag kung papaanong ang sanaysay na Ningning at Liwanag ay magagamit sa pagkilala sa *fake news* sa kasalukuyan.

SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 3 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng mga Kastila | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain:** #6 Pagtatambal (15 minuto)

II. **Mga Layunin:** Napapahalagahan ang kasaysayan ng Panitikan sa panahon ng pananakop.

III. **Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

IV. **Panuto:** Suriin kung papaano ginamit ang mga sumusunod na salita sa mga piling saknong ng Ibong Adarna at Florante at Laura. Pagkatapos ay hanapin sa Hanay B ang pinakamalapit na kasingkahulugan. Isulat ang titik ng sagot sa patlang.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ____________ 1. agnas | A. kataksilan |
| ____________ 2. hahamakin | B. naligaw |
| ____________ 3. hungkag | C. ligaya |
| ____________ 4. kakabakahin | D. nagagapi |
| ____________ 5. kaliluhan | E. pagmamahal |
| ____________ 6. layak | F. nasa |
| ____________ 7. lumbay | G. bulok |
| ____________ 8. nalihis | H. maysala |
| ____________ 9. namihasa | I. haharapin |
| ____________10. nalulugami | J. dangal |
| ____________11. nasasaklaw | K. lalabanan |
| ____________12. paglingap | L. lungkot |
| ____________13. pita | M. sakop |
| ____________14. puri | N. Walang laman |
| ____________15. salarin | Ñ. dumi |
| | NG. nasanay |

V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak:**
Sumulat ng isang saknong na tula sa anyong Awit (12 pantig bawat taludtod at may tugmaan) na naglalahad ng kahalagahan ng panitikan sa Panahon ng Himagsikan. Mamarkahan ang tula batay sa: Nilalaman – 12 puntos at Pagkamalikhain – 8 puntos.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 3 | **Petsa:** | |
| Pamagat ng Aralin/Paksa: | Panitikan sa Panahon ng mga Pananakop ng mga Kastila | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I.** **Bilang ng Gawain:** #7 Pagbibigay-linaw (40 minuto)

**II.** **Mga Layunin:** Nasusuri ang mga tema at paksa na ginamit sa panitikan. Napahahalagahan ang kasaysayan ng panitikan sa panahon ng pananakop.

**III.** **Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

**IV.** **Panuto** Liwanagin sa pamamagitan ng sariling mga salita ang kahulugan ng mga sumusunod na piling saknong ng Ibong Adarna at Florante at Laura. Sagutin sa pamamagitan nang hindi bababa sa tatlong (3 pangungusap).

Saknong 20

Alam niyang itong tao
Kahit puno't maginoo
Kapag hungkag din ang ulo
Batong agnas sa palasyo!

Saknong 29

Ngunit itong ating buhay
Talinhagang di malaman
Matulog ka nang mahusay
Magigising nang may lumbay

Saknong 242

Datapuwa't sa dahilang
Ang tao'y may kahinaan
Ayaw man sa kasamaa'y
Nalihis sa kabutihan.

Saknong 316

Diyos nga'y di natutulog
At ang tao'y sinusubok
Ang salari'y sinusunog
Ang banal ay kinukupkop

______________________________________

______________________________________

______________________________________

______________________________________

______________________________________

______________________________________

______________________________________

______________________________________

______________________________________

______________________________________

______________________________________

______________________________________

Saknong 1374

Kabataan palibhasa
Pag-ibig ay batang-bata
Sa apoy ng bawat nasa'y
Hinahamak pati luha

Saknong 14

Sa loob at labas ng bayan kong sawi
Kaliluha'y siyang nangyayaring hari
Kagalinga't bait ay nalulugami
Ininis sa hukay ng dusa't pighati

Saknong 19

O taksil na pita't sa yama'y mataas
O hangad sa puring hanging lumilipas
Ikaw ang dahilan ng kasam-ang lahat
At niring nasapit na kahabag-habag!

Saknong 24

Datapuwa't sino ang tatarok kaya?
Sa mahal Mong lihim, Diyos na dakila
Walang mangyayaring sa balat ng lupa
Di may kagalingang Iyong ninanasa.

Saknong 80

"O pagsintang labis ang kapangyarihan
Sampung mag-aama'y iyong nasasaklaw
Pag ikaw ay nasok sa puso ninuman
Hahamaking lahat masunod ka lamang."

Saknong 197

"Pag-ibig anaki'y aking nakilala,
Di dapat palakhin ang bata sa saya;
At sa katuwaa'y kapag namihasa,
Kung lumaki'y walang hihinting ginhawa.

________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________
________________________________

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak

Sumulat ng isang saknong na tula sa anyong Korido (8 pantig bawat taludtod at may tugmaan) na naglalahad ng kahalagahan ng pagpapahalaga sa kasaysayan ng ating bansa. Mamarkahan ang tula batay sa: Nilalaman – 12 puntos at Pagkamalikhain – 8 puntos.

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino | **Kuwarter:** | 3 |
| **Bilang ng Aralin:** | 3 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | **Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng mga Kastila** | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain: #8 Pagkukumpara (30 minuto)**

**II. Mga Layunin:** Naikukumpara ang Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng mga Kastila at Panitikan sa kasalukuyuan.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Papel at panulat

**IV. Panuto:** Magsaliksik tungkol sa Sarsuwela sa panahon ng mga Kastila. Ikumpara ang mga paksa at paraan ng pagtatanghal ng mga *noontime shows* at teleserye sa kasalukuyan sa panitikang itinatanghal noong Panahon ng mga Kastila. Sumulat ng isang makabuluhang sanaysay na hindi bababa sa sampung pangungusap.

______________________________________________________________
Pamagat

______________________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________________

**Rubrik sa Pagmamarka:**

| | |
|---|---|
| **Nilalaman** | **40%** |
| **Wastong Balarila** | **20%** |
| **Pagkamalikhain** | **20%** |
| **Organisasyon ng Diwa** | **20%** |
| **Kabuoan** | **100%** |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak:**

Ilahad kung papaanong ang impluwensiya ng mga Kastila ay nakapag-ambag ng pag-unlad sa Panitikang Pilipino at kung papaanong ang Panitikan ay naging kasangkapan sa pakikibaka para sa kalayaan noon at sa kasalukuyan.